# LEARNING READINESS CHECK

## SESSION 4: MY STRENGTHS AND STARTING POINTS

| | |
|---|---|
| Name | |
| Grade Level and Section | |

### GENERAL INSTRUCTIONS

1. Read each text carefully.
2. Answer all comprehension questions after reading by encircling the letter of your answer.

### PART I. FILIPINO

### TEKSTO A

#### Abal-abal

Pagsapit ng dapit-hapon, naghahanda na kami para manghuli ng Abal-abal o salagubang. Dala-dala ang flashlight, galon ng mineral water o lalagyan ng tubig. Magsisilabasan kasi ang mga ito tuwing sasapit ang tag-ulan. Masaya at kakaibang karanasan ang panghuhuli ng Abal-abal. Ito ang magsisilbing hapunan namin dahil masarap itong kainin.

Noong una, natatakot at nandidiri ako sa mga insekto. Isang araw, niyaya ako ng aking ama sa pangunguha ng Abal-abal hanggang sa makasanayan ko nang humawak ng ganitong uri ng insekto. Magmula noon, lagi na akong isinasama ng aking ama sa panghuhuli nito. Sa kagustuhan kong makatulong sa aking mga magulang, pinag-aralan kong mabuti kung paano ang paraan ng panghuhuli hanggang sa matuto ako at naging madalas na ang pagsama sa aking ama.

Paano ba ang paghuli ng Abal-abal? Pakikiramdaman mo muna. Maya-maya ito'y lalabas sa kanilang lungga at mabilis na hulihin. Asahan na mag-uunahan ang lahat sa paghuli nito. Parang pista sa dami ng tao. Kaniya-kaniyang bitbit ng galon para sa mga huhulihing Abal-abal. Minsan nag-uusap pa kami ng aking ama na kung sino ang makapupuno ng galon ay siyang unang uuwi! Masaya ang panghuhuli sa ganitong uri ng insekto.

Pritong Abal-abal ang paborito kong luto nito. Halos nakararami ako ng kain tuwing ito ang aming ulam. Paano nga ba lutuin ito? Tanggalin muna ang mga paa nito at pakpak. Sa dami nito, tiyak gugutomin ka talaga. Pagkatapos malinisan, handa na itong lutuin sa kawali. Maaari mo rin itong lagyan ng pampalasa. Bukod dito, maraming iba't ibang luto ng ganitong insekto.

Hindi madali ang buhay. Marami ka munang pagdaraanang pagsubok bago makuha ang tagumpay na iyong inaasam. Gaya sa paghuhuli ng Abal-abal. Mahihirapan ka muna sa paghuli bago matikman ang sarap at linamnam ng insektong ito.

*Bilang ng mga salita: 298 (Sinulat ni John Daniel B. Aguilar)*

1. Likas sa mga Pilipino ang maparaan upang mabuhay. Batay sa teksto, ano ang ginagamit sa panghuhuli ng Abal-abal?
   A. flashlight at lalagyan ng tubig
   B. gloves at supot
   C. lata at de kuryenteng bagay
   D. sako at pampatulog na kemikal

2. Anong panahon kadalasan lumalabas ang ganitong uri ng insekto?
   A. Tag-araw C. Tagtuyot
   B. Taglamig D. Tag-ulan

3. Ano ang naging bunga ng pagsama ng tauhan sa kaniyang ama?
   A. nakasanayan na niyang kumain ng abal-abal
   B. napaglabanan niya ang takot at pandidiri sa insekto
   C. napalapit siya sa mga abal-abal
   D. natupad niya ang kaniyang pangarap sa buhay

4. Sa pahayag na "Noong una, natatakot at nandidiri ako sa mga insekto. Isang araw, niyaya ako ng aking ama sa pangunguha ng abal-abal hanggang sa makasanayan ko nang humawak ng ganitong uri ng insekto." Ito ay isang halimbawa ng tunggalian na ______________.
   A. Tao laban sa kalikasan C. Tao laban sa sarili
   B. Tao laban sa lipunan D. Tao laban sa tao

5. Sa binasang teksto, ito ang pagkasunod-sunod o hakbang kung paano ang panghuhuli ng Abal-abal.
   I. Asahan na mag-uunahan ang lahat sa paghuli nito
   II. Pakikiramdam mo muna
   III. Maya-maya lalabas ang ito sa kanilang lungga at ito'y huhulihin
   A. I, II, III C. II, I, III
   B. II, III, I D. III, II, I

6. "Hindi madali ang buhay. Marami ka munang pagdaraanang pagsubok bago makuha ang tagumpay na iyong inaasam. Gaya ng panghuhuli ng Abal-abal. Mahihirapan ka muna sa paghuli nito bago matikman ang sarap at linamnam ng insektong ito. Ano ang nais sabihin ng pangunahing tauhan sa pahayag na ito?
   A. Magsumikap sa buhay para sa hinahangad na maginhawang buhay
   B. Magtrabaho para sa pangarap para sa mahal sa buhay.

C. Paghahanda para sa mga pagsubok na darating sa buhay
D. Pakikipagsapalaran sa hirap ng buhay.

7. Naghahanda na kami para manghuli ng Abal-abal o salagubang. Dala-dala ang flashlight, galon ng mineral water o lagayan tubig. Magsisilabasan kasi ang mga ito tuwing sasapit ang tag-ulan. Masaya at kakaibang karanasan ang panghuhuli ng Abal-abal. Ito ang magsisilbing hapunan namin. Masarap itong kainin. Ang pangunahing
paksa batay sa pahayag ay ____________________.
A. Abal-abal o salagubang
B. flashlight, galon ng mineral water o basyo ng tubig
C. kakaibang karanasan
D. tag-ulan

## TEKSTO B

## Big C, Noon at Ngayon

Ilang dekada na ang nakalilipas hanggang ngayo'y takot at bangungot pa rin ang dulot ng sakit na nagbigay ng pangamba sa bawat taong dinadapuan nito. Big C kung tawagin o mas kilala bilang Cancer. Isang halimbawa nito ay kanser na umaatake sa dugo.

Gayunman, sa modernong panahon ay samu't saring pamamaraan na ang nadiskubre upang lunasan ang nasabing sakit. Isa na rito ang Chimeric Antigen Receptor-T Cells o CAR-T na unang binuo ng siyentipikong si Zelig Eshhar taong 1989 hanggang 1993.

Ang Car-T ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagkuha ng dugo upang alisin ang mga puting selula ng dugo na itinuturing na gumagamot sa mga karamdaman o T cells. Dadaan ito sa prososeso ng laboratryo kasama ang protinang Chimeric Antigen Receptors (CARS). Sa pagkakabuo ng selulang CAR-T, padadamihin ito at ibabalik sa loob ng katawan ng pasyente bilang pamuksa sa sakit na kanser. Ilang pasyente na rin ang gumaling sa kanser dahil sa prosesong ito. Aabot hanggang 500,000 dolyar ang Car-T cell kaya halos mayayaman lamang ang may kaya ng ganitong gamutan.

Sa panahong mabilis ang pag-unlad ng teknolohiya, naging posible ang paggamot sa mga sakit tulad ng kanser. Maaaring mabigat ito sa bulsa, ngunit sa mga taong nais pang mabuhay, gagawin nila ang lahat upang malunasan ang kanilang karamdaman. 'Ika nga, "kikitain mo namang muli ang salapi."

*Bilang ng Salita: 139 (Isinulat ni: Marjory M. Ulanday)*

8. Ayon sa teksto, ano ang CAR-T?
   A. Uri ng tableta na iniinom
   B. Uri ng higaan ng pasyente
   C. Proseso sa paggamot ng kanser
   D. Ahensiya na tumutulong sa may cancer

9. Sino ang siyentipikong nakadiskubre ng CAR-T?
   A. Andrew Hooks
   B. Charles Darwin
   C. James Williams
   D. Zelig Eshhar

10. Paano isinasagawa ang CAR-T?
   A. Babakunahan ang pasyente laban sa cancer na Big C.
   B. Kukunin ang dugo at aalamin ang tipo at uri nito.
   C. Kukunin ang puting selula mula sa dugo at dadaan sa proseso ng laboratoryo.
   D. Patutulugin ang pasyente upang maobserbahan ng mabuti

11. Ano ang naidudulot ng kanser sa damdamin ng tao?
   A. Nagbibigay ng matinding takot sa mga tao.
   B. Nagdudulot ng pagkakaisa sa pamilya.
   C. Nagiging dahilan upang dumami ang kaibigan.
   D. Nagsisilbing inspirasyon sa dinadapuan nito

12. Paano nagagamot ng CAR-T ang kanser?
   A. Ginagamit itong panglinis sa dugo ng pasyente
   B. Hinihintay itong dumami sa loob ng laboratoryo
   C. Ipinapasok ito sa katawan upang atakihin ang kanser
   D. Pinapadami ito at sinisilid sa malinis na bote


13. Alin sa sumusunod ang hindi makakatulong upang maiwasan ang kanser?
   A. Iwasan ang pagkakaroon ng mga bisyo.
   B. Kumain ng masustansiyang pagkain.
   C. Makihalubilo sa ibang tao sa komunidad
   D. Palaging mag-ehersisyo kahit nasa bahay.

14. Ano ang ipinahihiwatig ng linyang, “kikitain mo namang muli ang salapi?”
   A. Balewala ang pera kung buhay mo naman ang nakasalalay
   B. Iisa lamang ang buhay kaya mamuhay ng malusog
   C. Madaling magkasakit kung may pera ka
   D. Mahirap magamot ang sakit na cancer

**TEKSTO C**

## Mapa at Direksiyon ng Paglikas Tungo sa Evacuation Site sa Panahon ng Sakuna sa Lungsod Maharlika 2022

Alamin ang iyong pupuntahan sa oras ng sakuna!




**Hot Line:** 117

**Paalala:**

Gamiting batayan ang mapang ito sa mga sakuna gaya ng pag-apaw ng ilog, matinding pagbaha, pagguho ng mga gusali dahil sa lindol at iba pang sakuna na nangangailangan ng malawakang paglikas.

Sa panahon ng daluyong ay huwag lumabas ng tahanan. Sa halip, umakyat sa mataas na lugar na hindi maaabot ng pagragasa ng tubig.


*Bilang ng mga salita 82 (Isinulat ni Imee H. Mendoza)*

15. Alin sa mga simbolo ang nangangahulugang lokasyon ng paaralan?

A.  B.  C.  D. 

16. Anong simbolong gabay ang iyong hahanapin upang malaman ang direksyon o lokasyon ng mga lugar sa mapa?

A. 
B. 

C. 

D. 


17. Saan matatagpuan sa mapa ang mga gusaling pang-industriya at pabrika?
   A. Hilagang-Kanluran
   B. Hilagang-Silangan
   C. Kanluran
   D. Timog

18. Paano ka makararating sa ligtas na lugar kung ikaw ay manggagaling sa lokasyon ng ilog?
   A. Tahakin ang daan papuntang rotonda at lumabas sa kaliwang daan. Kumanan sa unang kanto at pumasok sa assembly point.
   B. Lumiko sa kanan at tahakin ang kaliwang daan pagdating ng rotonda. Pumunta sa kanan at dumiretso sa assembly point.
   C. Tunguhin ang daang papuntang rotonda. Pagkatapos, lumiko sa kanan at kumaliwa sa kanto paglampas ng paaralan.
   D. Tunguhin ang direksyon pakanluran at lumabas sa timog. Kumaliwa sa unang kanto at pumasok sa assembly point.

19. Ano ang kahulugan ng simbolong  sa mapa?
   A. Bawalang dumaan ang mga residente dahil mapanganib.
   B. Mabigat o mabagal ang daloy ng trapiko sa bahaging ito.
   C. Magbabala sa pag-apaw ng ilog sa panahon ng tag-ulan.
   D. Mag-ingat sa pagmamaneho dahil baka mahulog sa ilog

20. Paano mapakikinabangan ang lokasyon ng himpilan ng pulis sa oras ng sakuna?
   A. Bantayan ang mahahalagang gusali habang lumilikas.
   B. Gawin ding evacuation area ang gusali ng kapulisan.
   C. Gawing tagasundo ng mga pasyente sa pagamutan.
   D. Magsilbing tagapagpanatili ng kaayusan sa mga lilikas

## PART II. ENGLISH

## READING TEXT A

**Still I Rise**

*by Maya Angelou*

You may write me down in history
With your bitter, twisted lies, You may trod me in the very dirt
But still, like dust, I'll rise.

Does my sassiness upset you?
Why are you beset with gloom?
'Cause I walk like I've got oil wells
Pumping in my living room.

Just like moons and like suns,
With the certainty of tides,
Just like hopes springing high,
Still I'll rise.

Did you want to see me broken?
Bowed head and lowered eyes?
Shoulders falling like teardrops,
Weakened by my soulful cries?

Does my haughtiness offend you?
Don't you take it awful hard?
'Cause I laugh like I've got gold mines
Diggin' in my own backyard.

You may shoot me with your words,
You may cut me with your eyes,
You may kill me with your hatefulness,
But still, like air, I'll rise.

Does my sexiness upset you?
Does it come as a surprise?
That I dance like I've got diamonds
At the meeting of my thighs?
Out of the huts of history's shame

I rise
Up from a past that's rooted in pain
I rise
I'm a black ocean, leaping and wide,
Welling and swelling I bear in the tide.

Leaving behind nights of terror and fear
I rise
Into a daybreak that's wondrously clear
I rise
Bringing the gifts that my ancestors gave,
I am the dream and the hope of the slave.
I rise
I rise
I rise.

*Number of words: 240*
*Questions written by Reden M. Juego*
*SOURCE: https://www.poetryfoundation.org/poems/46446/still-i-rise*

21. What upsets the one addressed by the persona in the poem?
    A. the persona's arrogance
    B. the persona's boldness
    C. the persona's rudeness
    D. the persona's weakness

22. Which of the following is implied about the persona in the poem?
    A. The persona is a dancer.
    B. The persona is a slave.
    C. The persona is black.
    D. The persona is rich.

23. What is the general tone of the poem?
    A. defiant
    B. doubtful
    C. happy
    D. optimistic

24. To what sense do the lines "Into a daybreak that's wondrously clear, I rise" appeal to?
    A. sense of hearing
    B. sense of sight
    C. sense of smell
    D. sense of touch

25. What relationship is evident between the persona speaking in the poem and the person she is talking with?
    A. a bully to a bullied
    B. a defender to an ally
    C. a friend to a friend
    D. a leader to a follower

26. Who are being addressed in the poem?
    A. Those who experienced being abused.
    B. Those who felt extremely depressed.
    C. Those who lost interest in their lives.
    D. Those who were not appreciated.

27. Which of the following techniques did the author use in emphasizing the theme?
    A. Figures of speech such as metaphors are used.
    B. Rhyming patterns were used in every stanza.
    C. Significant lines were repeated all throughout the poem.
    D. The events are narrated using the third person point of view

## READING TEXT B

### Mental Health, Too

1 Prevention is better than cure. Mental health comprises our emotional, psychological, and social well-being. It impacts how we feel, think, and behave every day. Additionally, it is our capacity to make choices, form connections, and influence the environment in which we live in. It is a fundamental human right. Furthermore, it is essential for our socioeconomic and personal growth.

2 Mental health is important because it affects everything. By taking care of it, we can be resilient and recover quickly from anything. Anyone out there can have a miserable day, but that does not necessarily indicate that their life is horrible. The important thing is how we handle it and sustain our mental well-being.

3 When our minds are in good shape, we appreciate our lives, our surroundings, and the people that inhabit them. We can take any risks, learn new things, and innovate. We will be better equipped to handle challenging situations in both our work and personal life. We may experience the pain and frustration that can come from a loved one's passing, a job loss, and other tough situations, but eventually, we are able to move on and resume enjoying our lives.

4 Mental illness is common. It can happen at any age, from childhood to later in adult lives, although most cases start at a younger age. It can have short-term or

longterm impacts. Besides this, it is also possible to experience many mental health disorders simultaneously.

[5] You may be more likely to have a mental disorder if you have certain risk factors, such as: childhood abuse, trauma, or neglect, experiencing discrimination and racism, losing someone close to you, severe or long-term stress, domestic violence, bullying or other abuse as an adult, having a long-term physical health condition, unemployment or losing your job, and other lifestyle factors.

[6] According to the World Health Organization (WHO), among Filipino children aged 5 to 15, 10% to 15% are affected by mental health problems and 6.8% of Filipino students aged 13 to 17 have attempted suicide at least once within a year before the 2015 Global School-based Student Health survey.

[7] On the other hand, untreated mental illness can cause serious issues with emotion, behavior, and physical health. These are some of the problems that might arise from mental illness: Unhappiness and decreased enjoyment of life; family conflicts; social isolation; problems with alcohol and other drugs; missed work or school; and the worst, suicide.

[8] To prevent this, we should make social connections, talk to someone you trust, get enough sleep, eat a healthy diet, get physical exercise, learn new skills, meditate daily, and ask for help when needed.

[9] The most priceless gift that God has given us is our life. We should not waste our lives on trivial matters. Let's also be mindful of others' concerns by being empathetic or compassionate and following up with them as frequently as possible. Let's work together to spread the word about this issue so that we can guard our loved ones and families.

*Number of Words: 501*
*Written by Justine Paul F. Alimento*

28. Which of the following statements defines mental health?
    A. It enables one to create positive interpersonal relationships.
    B. It is the ability to make sound decisions and form connections.
    C. It is the condition of the body resulting from regular physical activity.
    D. It refers to active participation in organized social organizations.

29. Which of the following pertain/s to risk factors to having a mental disorder?

    I. child abuse
    II. trauma or neglect
    III. learning new skill
    IV. making social connections

V. experiencing discrimination
VI. losing someone close to you

A. I, II, III & IV
B. I, II, III & V
C. I, II, VI & V
D. I, II, V & VI

30. Which of the following situations is influenced by a mind in good shape?
    A. Being dependent on comfort food
    B. Getting compliments from peers
    C. Identifying de-stressing activity
    D. Isolating self from social media


31. Which mental health factor is depicted in the given situation below?
    *"A person suffers from physical pain due to the months of beating done by the spouse."*
    A. child abuse
    B. domestic violence
    C. long-term stress
    D. unemployment

32. Which of the following is true based on the text?
    A. Untreated mental illness causes serious issues with emotion and physical health.
    B. It is also impossible to experience many mental health disorders simultaneously.
    C. Increased enjoyment of life and closed family ties arise from one's mental illness.
    D. Mental wellness is achieved from family conflicts, social isolation, and discrimination.

33. What is the purpose of the last paragraph of the text?
    A. to call for action about the issue of mental health
    B. to further explain the issue about mental health
    C. to provide conclusions about mental health
    D. to summarize the article about mental health

34. How did the writer organize the ideas about mental health?
    A. by describing steps on how to take care of mental health
    B. by enumerating examples of the effect of mental disorder
    C. by listing important information about mental health
    D. by providing suggestions on how to address mental health issues

## READING TEXT C




*Questions written by Cherrilyn T. Nabor Source:* [www.da.gov.ph](www.da.gov.ph)

35. Which of the following is NOT a key strategy for Industrialization?
    A. Agri Industrial Business Corridors
    B. Export Development and Promotion
    C. Logistics & Marketing Support
    D. Technology and Innovation

36. Which among the pillars does *strategic communications* belong to?
    A. Consolidation
    B. Industrialization
    C. Modernization
    D. Professionalization

37. Modernization is considered as one of the pillars of OneDA Reform Agenda. Which of the following statements best describes modernization?
    A. championing high value crops with vast export potential
    B. employing both traditional and modern online channels
    C. monitoring crop production through digital data bases
    D. strengthening technology-driven procurement system

38. Who will be the direct beneficiaries of the reform agenda?
    A. drivers  B. farmers  C. hunters  D. sellers

39. What is the infographic all about?
    A. ease of doing agri business
    B. life of farmers and fisherfolk
    C. modernization of the farming sector
    D. programs and projects for agriculture

40. What is the purpose of the Department of Agriculture for creating the infographic?
    A. To argue that agricultural industry should be a top priority
    B. To communicate the strategic plans and action of the Department
    C. To explain the accomplishments of the previous administration
    D. To persuade the readers to support the local farmers

# GAWAING PAMPAGKATUTO

## SESYON 5: BANGHAY AT DALOY NG KUWENTO: SUSI SA PAG-UNAWA

| | |
|---|---|
| Pangalan | |
| Baitang at Seksiyon | |

**AKO BILANG MAMBABASA**

Bago magsimula, maglaan ng sandali upang suriin ang iyong kahandaan sa pagbasa.

- **Iniisip ko ngayon** ____________________________________________
  ____________________________________________________________
  ____________________________________________________________
- **Nararamdaman ko na** __________________________________________
  - 🟢 HANDA NA AKO
  - 🟡 NAG-AALINLANGAN PA AKO
  - 🔴 NAHIHIRAPAN AKO
- **Ang plano ko habang nagbabasa** _____________________________
  ____________________________________________________________
  ____________________________________________________________

## I. KABULUHAN NG SESYON PARA SA AKIN

Pagkatapos ng sesyon, inaasahan kong:

a) natutukoy ang mga tauhan at tagpuan sa binasang parabula;
b) nabibigay ang suliranin at tunggalian na hinarap ng mga tauhan sa parabula; at
c) naisasalaysay ang mga pangyayari sa teksto batay sa pagkakasunod-sunod ng mga ito.

## II. TEKSTO

**Ang Alibughang Anak**

*Hango sa Lucas 15:11-32*

May isang mayamang ama na may dalawang anak na lalaki. Hiniling ng bunsong anak na ibigay na sa kaniya ang kayamanang ipamamana ng kaniyang ama. Nang makuha na niya ito, ipinagbili niya agad ito makalipas lamang ang ilang araw. Pagkatapos, umalis siya at tumungo sa malayong bayan. Dito niya walang habas na nilustay ang kabuhayang ipinagkaloob ng ama.

Hindi nagtagal, naubos na ang lahat ng kaniyang salapi. Nang dumating ang taggutom sa bayang iyon, isa na siyang pulubi. Namasukan siya bilang tagapag-alaga ng mga baboy. Dahil sa gutom, nais na niyang kainin pati ang pagkain ng mga alaga niya. Ngunit maging ito ay ipinagkakait din sa kaniya ng kaniyang amo.

Sa ganitong kalagayan, naisip niya ang kaniyang ama. Ang mga manggagawa nito ay kumakain nang maayos habang heto siya, nagugutom at walang makain. Agad siyang nagpasyang bumalik sa dating tahanan.

Gayon na lamang ang galak ng kaniyang ama. Sinalubong niya ng yakap at halik ang nagbalik na anak. "Ama, nagkasala ako sa Diyos at sa iyo. Hindi na ako karapat-dapat na maging anak mo. Ituring mo na lang akong isa sa iyong mga alila," sabi ng anak sa ama.

Ngunit inutusan ng ama ang mga alila na linisan at bigyan ang anak ng pinakamagarang kasuotan. Ipinasuot din niya rito ang isang mamahaling singsing, at binigyan ng sapatos para sa kaniyang mga paa. Ipinagkatay din siya ng isang matabang baka at sa ngalan niya ay nagkaroon ng isang pagdiriwang.

"Ang anak ko ay nawala at ngayon ay nagbalik. Ipagdiriwang natin ang kaniyang pagbabalik," ang sabi ng nagagalak na ama.

Namangha ang nakatatandang kapatid nang dumating siya sa kanilang tahanan. Itinanong niya sa isang katulong kung ano ang sanhi ng pagdiriwang. Nang malaman niya ang sanhi ng kasayahan ay gayon na lamang ang kanyang galit kaya hindi niya napigilan ang kaniyang sarili at sinumbatan ang ama.

"Akong masunurin ninyong anak na buong katapatang naglilingkod sa inyo ay hindi ninyo naipaghanda kahit isang guya man lamang. Ngayong dumating ang alibugha ninyong anak na lumustay ng inyong kayamanan ay gugugol kayo nang malaki at magdiriwang!"

Sumagot nang marahan ang ama, "Anak ko, ikaw ay lagi kong kapiling. Ang lahat ng akin ay iyo. Tayo'y nagsasaya ngayon sapagkat ang kapatid mong namatay ay muling nabuhay. Siya ay nawala at muli nating nakita."

## III. MGA GAWAIN


| MGA PANUTO | MGA GAWAIN |
|---|---|
| *Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong.* | **Gawain A: Pagtukoy sa Pinag-uusapan at Pinangyarihan**<br><br>Humingi ng pera si Nilo sa mga magulang niya. Umalis siya at ginamit ito sa maling paraan kaya naubos agad ang lahat ng mayroon siya. Nang wala na siyang makain, gusto niya nang bumalik sa kaniyang pamilya.<br><br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>1. Sino ang pinag-uusapan sa sitwasyon? Ano kaya ang maaaring dahilan kung bakit humingi ng pera si Nilo?<br>______________________________<br>______________________________<br>2. Sa iyong palagay, saan kaya siya nagtungo matapos umalis sa kanilang bahay?<br>______________________________<br>______________________________ |

3. Ano kaya ang maaaring mangyari sa kaniya matapos maubos ang pera?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
4. Kung ikaw si Nilo, babalik ka ba sa iyong pamilya? Bakit?
   ______________________________________________
   ______________________________________________

*Kumpletuhin ang bawat bahagi gamit ang mga gabay na tanong.*

**Gawain B: Kumpletuhin ang Idea**

1. May pagkakataon ba na sumuway ka sa magulang o nakatatanda o gumawa ka ng desisyong pinagsisihan mo?
2. Ano ang naging bunga nito? Ano ang natutuhan mo sa iyong karanasan?




*Piliin ang tamang kahulugan ng salitang may salungguhit.*

**Gawain C. 1: Bigyang-kahulugan ang mga salita**

1. Nilustay ng bunsong anak ang kaniyang kayamanan.
   a. Inipon
   b. Ginastos nang walang pakundangan
   c. Itinago
2. Siya ay naging pulubi matapos maubos ang pera.
   a. mayaman
   b. mahirap na walang tirahan
   c. manggagawa
3. Siya ay nagsisi sa kaniyang ginawa.
   a. natuwa
   b. nalungkot at nanghinayang
   c. nagalit

*Bilugan ang letra o kumpletuhin ang sagot.*

**Gawain C.2: Pagtukoy sa tauhan, tagpuan, at banghay ng kuwento**

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   a. ama
   b. bunsong anak
   c. nakatatandang anak
2. Sino ang nagpakita ng galit?
   a. ama
   b. bunsong anak
   c. nakatatandang anak
3. Saan pumunta ang bunsong anak?
   a. malapit na bayan
   b. malayong bayan
   c. bundok
4. Kumpletuhin:
   Ang kuwento ay naganap sa _________ at _________.
   (*Pagpipilian: tahanan, malayong bayan, paaralan*)
5. Ano ang pangunahing suliranin?
   a. Naubos ang pera ng bunsong anak
   b. Nawalan ng bahay ang ama
   c. Umalis ang ama
6. Ano ang dahilan ng suliranin?
   a. Nag-ipon siya ng pera
   b. Nilustay niya ang kanyang pera
   c. Nagtrabaho siya
7. Anong uri ng tunggalian ang ipinakita?
   Ito ay tunggaliang ________________ dahil ____________
   ___________________________________________________.
   Ito rin ay tunggaliang ________________ dahil _________
   ___________________________________________________.

*Lagyan ng ekis (x) ang kahon kung ang mga pahayag ay nangyari sa simula, gitna o wakas ng parabula.*

**Gawain C.3: Simula, Gitna o Wakas ng Kuwento**

| **Pangyayari** | **Simula** | **Gitna** | **Wakas** |
|---|---|---|---|
| Siya ay naghirap at nagutom | ☐ | ☐ | ☐ |
| Umalis siya papunta sa malayong bayan | ☐ | ☐ | ☐ |
| Tinanggap siya ng ama | ☐ | ☐ | ☐ |
| Humingi ng mana ang bunsong anak | ☐ | ☐ | ☐ |
| Nagpasya siyang bumalik sa ama | ☐ | ☐ | ☐ |
| Nagkaroon ng pagdiriwang | ☐ | ☐ | ☐ |
| Nilustay niya ang kanyang pera | ☐ | ☐ | ☐ |

| | |
|---|---|
| *Isulat ang bilang 1–8 upang maipakita ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga ito sa parabula.* | **Gawain C.4: Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari**<br>_____ Naalala niya ang kaniyang ama at nagdesisyong bumalik.<br>_____ Nilustay ng bunsong anak ang kaniyang pera<br>_____ Naubos ang kaniyang salapi at siya ay naghirap.<br>_____ Umalis siya at nagtungo sa malayong bayan.<br>_____ Ipinagdiwang ang pagbabalik ng bunsong anak.<br>_____ Nagpasya ang bunsong anak na humingi ng mana sa ama.<br>_____ Namasukan siya bilang tagapag-alaga ng mga baboy.<br>_____ Tinanggap siya ng ama at niyakap nang buong galak. |
| *Piliin ang salita sa kahon at gamitin sa pangungusap.* | **Gawain D.1: Kumpletuhin ang Idea**<br>*nilustay* / *nagsisi*<br>*bumalik* / *nagdiwang*<br>1. _________ ang bunsong anak sa kanyang maling desisyon.<br>2. _________ siya sa kanilang tahanan matapos maghirap.<br>3. _________ ang ama sa pagbabalik ng anak.<br>4. _________ niya ang kanyang pera sa maling paraan. |
| *Gamitin sa sariling pangungusap ang mga salita.* | **Gawain D.2: Gamitin sa Sariling Pangungusap**<br>1. nilustay ______________________<br>2. bumalik ______________________<br>3. nagsisi ______________________<br>4. nagdiwang ______________________ |
| *Basahin nang maayos ang bawat pangungusap.* | **Gawain D.3: Basahin nang Maayos!**<br>Isaalang-alang sa pagbasa ang tamang bigkas tamang, paghinto (phrasing), at katatasan sa pagbasa<br>- *Nilustay ng bunsong anak ang kanyang kayamanan kaya siya ay naghirap.*<br>- *Nagpasya ang bunsong anak na bumalik sa kanyang ama matapos siyang maghirap at magsisi.* |
| *Basahin at unawain ang sitwasyon. Pagkatapos, sagutan ang sumusunod na tanong.* | **Gawain E: Basahin at Unawain!**<br>Si Lina ay isang Senior High School student na masipag at masikap sa pag-aaral. Isang araw, napilitan siyang huminto sa klase dahil kinailangan niyang alagaan ang kanyang maysakit na ina habang ang kaniyang ama ay nagtatrabaho sa ibang lungsod.<br>Sa simula, patuloy pa rin siyang nag-aaral sa bahay, ngunit dahil sa dami ng gawain at kakulangan sa pera, unti-unti siyang nahirapan. Dumating ang pagkakataon na hindi na niya naipasa ang ilang requirements at tuluyan siyang napahinto sa pag-aaral. |

Pagkalipas ng ilang buwan, nakipag-usap siya sa kaniyang guro at nalaman niyang may programa para sa mga estudyanteng tulad niya. Nagpasya siyang bumalik sa paaralan upang makahabol sa kaniyang mga aralin. Sa tulong ng kaniyang guro at mga kaklase, unti-unti siyang nakabawi.

Sa huli, nakapagtapos siya ng Senior High School at naging inspirasyon sa kaniyang pamilya.

**A. Pagtukoy sa Tauhan, Tagpuan, Banghay, Suliranin at Tunggalian**

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?
   ______________________________
2. Ano ang katangian ni Lina bilang mag-aaral?
   ______________________________
3. Saan naganap ang kuwento?
   ______________________________
4. Ano ang pangunahing suliranin sa kuwento?
   ______________________________
5. Anong uri ng tunggalian ang ipinakita sa kuwento?
   ______________________________

*Lagyan ng bilang 1–6 ayon sa tamang pagkakasunod-sunod. Pagkatapos, ipasalaysay ang binasang sitwasyon.*

**B. Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari**

_______ Nahirapan siya sa pag-aaral at hindi naipasa ang requirements.
_______Nagpasya si Liza na bumalik sa paaralan.
_______Si Liza ay huminto sa klase upang alagaan ang ina.
_______Nagtapos si Liza ng Senior High School.
_______Nagtatrabaho sa ibang lungsod ang kanyang ama habang siya ay nasa bahay.
______ Nakipag-usap siya sa kanyang guro tungkol sa programa.

*Gamitin ang sagot sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari mula sa sitwasyon.*

**Karagdagang Gawain:**

Sa simula, ______________________________________________
______________________________________________________.
Sa gitna, _______________________________________________
______________________________________________________.
Sa huli, ________________________________________________
______________________________________________________.

| **Pagninilay sa Aralin** | |
|---|---|
| Natutuhan ko ngayon: | |
| Naging madali sa akin: | |
| Naging mahirap sa akin: | |
| Pakiramdam ko bilang mambabasa:<br>☐ Nagsisimula pa lamang ☐ Unti-unting umuunlad ☐ Kumpiyansa na | |

# GAWAING PAMPAGKATUTO

## SESYON 6: KILOS AT DAMDAMIN NG TAUHAN AT TONO NG TEKSTO

| | |
|---|---|
| Pangalan | |
| Baitang at Seksiyon | |

**AKO BILANG MAMBABASA**

Bago magsimula, maglaan ng sandali upang suriin ang iyong kahandaan sa pagbasa.

- **Iniisip ko ngayon** ______________________________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
- **Nararamdaman ko na** ____________________________________________
  - 🟢 HANDA NA AKO
  - 🟡 NAG-AALINLANGAN PA AKO
  - 🔴 NAHIHIRAPAN AKO
- **Ang plano ko habang nagbabasa** ______________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________

## I. KABULUHAN NG SESYON PARA SA AKIN

Pagkatapos ng sesyon, inaasahan kong:

a) natutukoy ang damdamin ng mga tauhan batay sa mga pahiwatig sa teksto;
b) naipapaliwanag ang kilos ng mga tauhan batay sa kanilang damdamin;
c) nasusuri ang tono ng teksto batay sa mga salitang ginamit; at
d) nabibigyang-kahulugan ang damdaming ipinahihiwatig ng teksto.

## II. TEKSTO

**Ang Alibughang Anak**

*Hango sa Lucas 15:11-32*

May isang mayamang ama na may dalawang anak na lalaki. Hiniling ng bunsong anak na ibigay na sa kaniya ang kayamanang ipamamana ng kaniyang ama. Nang makuha na niya ito, ipinagbili niya agad ito makalipas lamang ang ilang araw. Pagkatapos, umalis siya at tumungo sa malayong bayan. Dito niya walang habas na nilustay ang kabuhayang ipinagkaloob ng ama.

Hindi nagtagal, naubos na ang lahat ng kaniyang salapi. Nang dumating ang taggutom sa bayang iyon, isa na siyang pulubi. Namasukan siya bilang tagapag-alaga ng mga baboy. Dahil sa gutom, nais na niyang kainin pati ang pagkain ng mga alaga niya. Ngunit maging ito ay ipinagkakait din sa kaniya ng kaniyang amo.

Sa ganitong kalagayan, naisip niya ang kaniyang ama. Ang mga manggagawa nito ay kumakain nang maayos habang heto siya, nagugutom at walang makain. Agad siyang nagpasyang bumalik sa dating tahanan.

Gayon na lamang ang galak ng kaniyang ama. Sinalubong niya ng yakap at halik ang nagbalik na anak. "Ama, nagkasala ako sa Diyos at sa iyo. Hindi na ako karapat-dapat na maging anak mo. Ituring mo na lang akong isa sa iyong mga alila," sabi ng anak sa ama.

Ngunit inutusan ng ama ang mga alila na linisan at bigyan ang anak ng pinakamagarang kasuotan. Ipinasuot din niya rito ang isang mamahaling singsing, at binigyan ng sapatos para sa kaniyang mga paa. Ipinagkatay din siya ng isang matabang baka at sa ngalan niya ay nagkaroon ng isang pagdiriwang.

"Ang anak ko ay nawala at ngayon ay nagbalik. Ipagdiriwang natin ang kaniyang pagbabalik," ang sabi ng nagagalak na ama.

Namangha ang nakatatandang kapatid nang dumating siya sa kanilang tahanan. Itinanong niya sa isang katulong kung ano ang sanhi ng pagdiriwang. Nang malaman niya ang sanhi ng kasayahan ay gayon na lamang ang kanyang galit kaya hindi niya napigilan ang kaniyang sarili at sinumbatan ang ama.

"Akong masunurin ninyong anak na buong katapatang naglilingkod sa inyo ay hindi ninyo naipaghanda kahit isang guya man lamang. Ngayong dumating ang alibugha ninyong anak na lumustay ng inyong kayamanan ay gugugol kayo nang malaki at magdiriwang!"

Sumagot nang marahan ang ama, "Anak ko, ikaw ay lagi kong kapiling. Ang lahat ng akin ay iyo. Tayo'y nagsasaya ngayon sapagkat ang kapatid mong namatay ay muling nabuhay. Siya ay nawala at muli nating nakita."

## III. MGA GAWAIN

| MGA PANUTO | MGA GAWAIN |
|---|---|
| *Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong.* | **Gawain A: Pagtukoy sa Damdamin**<br><br>Humingi ng pera si Nilo sa mga magulang niya. Umalis siya at ginamit ito sa maling paraan kaya naubos agad ang lahat ng mayroon siya. Nang wala na siyang makain, gusto niya nang bumalik sa kaniyang pamilya.<br><br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>1. Ano ang naramdaman mo habang binabasa ang sitwasyon?<br>________________________________________<br>________________________________________<br>2. Ano kaya ang katangiang ipinakita ni Nilo?<br>________________________________________<br>________________________________________ |

3. Paano kung ikaw ang nasa sitwasyon niya, ano ang gagawin mo?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Kung ikaw ang magulang ni Nilo, tatanggapin mo pa ba siya? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

*Itala ang mga salitang ginamit sa awitin na nagpapahiwatig ng damdamin at kilos.*

**Gawain B: Pagkilala sa Salita, Damdamin at Kilos**

| Salita | Damdamin | Kilos |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

*Pagtambalin ang salita sa tamang kahulugan.*

**Gawain C.1: Pagpapakahulugan sa Salita**

| Salita | Kahulugan |
|---|---|
| 1. ipinagkaloob | a. binigyan o ibinahagi |
| 2. pulubi | b. taong walang pera at umaasa sa iba |
| 3. ipinagkait | c. hindi ibinigay |
| 4. nagpasya | d. pumili o nagdesisyon |
| 5. sinalubong | e. tinanggap o binati sa pagdating |

*Sagutin ang mga tanong batay sa binasang parabula.*

**Gawain C.2: Paghihinuha ng Damdamin at Kilos ng Tauhan**

1. Bakit kaya niya ipinagpatuloy ang pag-alis sa kaniyang ama kahit alam niyang mali ito?

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Ano ang naging damdamin ng bunsong anak nang siya ay nagutom at walang makain? Ano ang ginawa niya dahil dito?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ano ang maaaring naramdaman ng bunsong anak nang maubos ang kaniyang pera? Paano ito nakaapekto sa kaniyang desisyon?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Ano ang ipinahihiwatig ng pagbabalik ng bunsong anak sa kaniyang pamilya? Anong damdamin ang nag-udyok sa kaniya?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Ano ang naging damdamin ng ama nang makita ang kaniyang anak? Ano ang kilos na ipinakita niya bilang tugon?

_______________________________________________

_______________________________________________

6. Ano ang maaaring naramdaman ng nakatatandang kapatid nang malaman niya ang pagdiriwang? Ano ang naging kilos niya?

_______________________________________________

_______________________________________________

*Sagutin ang mga tanong batay sa binasang parabula.*

**C. 3: Pagsusuri sa Tono at Damdamin ng Parabula**

1. Ano ang kabuoang damdamin na nangingibabaw sa kuwento? Ipaliwanag.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Aling bahagi ng kuwento ang nagpapakita ng masayang tono? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Aling bahagi naman ang nagpapakita ng malungkot o seryosong tono? Bakit?

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Paano nakatulong ang mga salitang ginamit upang maipakita ang damdamin ng mga tauhan?

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Ano ang mensahe ng kuwento batay sa tono at damdaming ipinakita nito?

_______________________________________________

_______________________________________________

*Piliin ang angkop na salita sa ulap upang mabuo ang pangungusap.*

**Gawain D. 1: Piliin ang Tamang Salita**

ipinagkaloob    pulubi
ipinagkait    nagpasya
Sinalubong

1. Siya ay naging __________ matapos maubos ang kaniyang pera.

| | |
|---|---|
| | 2. _________ ng ama ang anak nang ito ay bumalik.<br>3. Hindi _________ sa kanya ang pagkain ng kaniyang amo.<br>4. Ang kayamanan ay _________ ng ama sa kaniyang anak.<br>5. Siya ay _________ na bumalik sa kanyang pamilya. |
| *Tukuyin ang damdamin o tono na ipinahihiwatig ng sinalungguhitang salita.* | **Gawain D.2: Paggamit ng Natutuhang Talasalitaan**<br>1. *Nilustay* niya ang kanyang kayamanan. Damdamin/Kilos:_______________<br>2. *Sinalubong* siya ng kanyang ama ng yakap at halik. Damdamin: _______________<br>3. Sumagot nang *marahan* ang ama. Tono: _______________<br>4. Siya ay naging *pulubi* matapos maubos ang kanyang salapi.<br>Kalagayan/Damdamin: _______________ |
| *Pumili ng 5 salita sa itaas at bumuo ng pangungusap gamit ang mga ito.* | **Gawain D.3: Pagbuo ng Sariling Pangungusap**<br>1. _______________<br>2. _______________<br>3. _______________<br>4. _______________<br>5. _______________ |
| *Basahin nang maayos ang bawat pangungusap.* | **Gawain D.4: Basahin nang Maayos!**<br>*1. Agad siyang nagpasyang bumalik sa dating tahanan.*<br>*2. Gayon na lamang ang galak ng kaniyang ama.*<br>*3. Sinalubong niya ng yakap at halik ang nagbalik na anak.* |
| *Basahin at unawain ang bawat sitwasyon. Pagkatapos, sagutan ang sumusunod na tanong.* | **Gawain E: Basahin at Unawain!**<br><br>**Sitwasyon 1:** Si Liza ay nabigyan ng pagkakataong makasali sa isang scholarship program, ngunit hindi niya ito tinanggap dahil natatakot siyang hindi niya makayanan ang mga requirements.<br>1. Sa iyong palagay, tama ba ang naging desisyon ni Liza? Bakit?<br>_______________<br>_______________<br>2. Ano ang maaaring damdamin na nakaimpluwensya sa kanyang kilos? Ipaliwanag.<br>_______________<br>_______________ |

3. Ano ang tono ng sitwasyon?

______________________________________________

______________________________________________

**Sitwasyon 2:** Si Marco ay nakagawa ng pagkakamali sa kanyang kaibigan ngunit ayaw niyang humingi ng tawad dahil sa pride.

1. Makakatulong ba ang hindi paghingi ng tawad sa kanilang relasyon? Bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang mas angkop na kilos na dapat niyang ginawa? Ipaliwanag.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang tono ng sitwasyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

**Sitwasyon 3:** Si Ana ay nakapasa sa mahirap na pagsusulit, ngunit ang kanyang kaklase ay hindi nakapasa. Sa halip na magdiwang nang tahimik, ipinagyabang niya ito sa iba.

1. Naging angkop ba ang kilos ni Ana? Bakit o bakit hindi?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang epekto ng kanyang kilos sa damdamin ng iba?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang tono ng sitwasyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

**Sitwasyon 4:** Si Carlo ay napagsabihan ng guro dahil sa hindi paggawa ng takdang-aralin, ngunit sinisi niya ang kanyang kaklase sa halip na tanggapin ang pagkakamali.

1. Makatarungan ba ang pagsisi niya sa kaklase? Ipaliwanag.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang mas responsableng kilos na dapat niyang ginawa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang tono ng sitwasyon?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

*Basahin at sagutin ang mga tanong nang may malinaw na paliwanag.*

**Karagdagang Gawain**

**Sitwasyon 1:** Si Carlo ay nakaranas ng hindi pagkakaintindihan sa kanyang kaibigan. Pareho silang hindi nag-usap sa loob ng ilang araw.

1. Ano ang maaaring damdamin ng dalawang magkaibigan?
   ______________________________________
   ______________________________________
2. Ano ang maaaring gawin nila upang maresolba ito?
   ______________________________________
   ______________________________________
3. Ano ang tono ng sitwasyon?
   ☐ Masaya ☐ Malungkot ☐ Mapayapa

| **Pagninilay sa Aralin** | |
|---|---|
| Natutuhan ko ngayon: | |
| Naging madali sa akin: | |
| Naging mahirap sa akin: | |
| Pakiramdam ko bilang mambabasa: ☐ Nagsisimula pa lamang ☐ Unti-unting umuunlad ☐ Kumpiyansa na | |

# GAWAING PAMPAGKATUTO

## SESYON 7: PANGUNAHING IDEA AT SUMUSUPORTANG DETALYE NG TEKSTO

| | |
|---|---|
| Pangalan | |
| Baitang at Seksiyon | |

**AKO BILANG MAMBABASA**

Bago magsimula, maglaan ng sandali upang suriin ang iyong kahandaan sa pagbasa.

- **Iniisip ko ngayon** ______________________________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________
- **Nararamdaman ko na** ____________________________________________
  - 🟢 HANDA NA AKO
  - 🟡 NAG-AALINLANGAN PA AKO
  - 🔴 NAHIHIRAPAN AKO
- **Ang plano ko habang nagbabasa** ________________________________
  ______________________________________________________________
  ______________________________________________________________

## I. KABULUHAN NG SESYON PARA SA AKIN

Pagkatapos ng sesyon, inaasahan kong:

a) natutukoy ang pangunahing ideya sa teksto;
b) naibibigay ang mga sumusuportang detalye ng pangunahing ideya sa teksto; at
c) natutukoy ang ugnayan ng pangunahing ideya sa sumusuportang detalye.

## II. TEKSTO

### Social Media Bilang Gamit sa Komunikasyon

1 Ang *social media* ay isang masistemang paraan ng pakikipag-ugnayan at mabilis na pagpapalitan ng impormasyon sa iba't ibang tao. Bunga nito, mas napapadali para sa mga mag-aaral ang pagbabahagi ng idea, opinyon, at kaalaman sa pamamagitan ng iba't ibang *online* na plataporma. Dahil sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng teknolohiya, nagiging mas malawak ang saklaw ng komunikasyon na hindi na nalilimitahan ng oras at lugar.

2 Dahil sa patuloy na pagtaas ng paggamit ng *social media* sa kasalukuyan, lalo na ng mga kabataan, naging mahalagang bahagi na ito ng kanilang pang-araw-araw na buhay. Karaniwang ginagamit ng mga mag-aaral ang Facebook upang makipag-ugnayan sa pamilya, kaibigan, at guro, gayundin sa pagkuha ng mga anunsiyo at impormasyon sa paaralan. Sa ganitong paraan, nagiging mas mabilis ang daloy ng komunikasyon at mas nagiging konektado ang bawat isa.

[3]Bunga rin nito, ang YouTube ay naging pangunahing sanggunian ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng mga aralin na mahirap unawain sa loob ng silid-aralan. Sa pamamagitan ng panonood ng mga edukasyonal na bidyo, mas nagiging malinaw ang mga konsepto at nagkakaroon ng *visual* na pag-unawa ang mga mag-aaral. Dahil dito, mas napapahusay ang kanilang pagkatuto dahil nagagamit nila ang sariling oras sa pag-aaral ayon sa kanilang bilis at pangangailangan.

[4]Dahil sa paglitaw ng iba pang social media platforms tulad ng TikTok, Discord, ResearchGate, at Reddit, mas lumawak pa ang mga mapagkukunan ng impormasyon at kolaborasyon. Ang mga ito ay hindi lamang para sa libangan kundi nagiging kasangkapan din sa akademikong gawain tulad ng group discussion, online study sessions, at pananaliksik. Bunga nito, mas napapadali ang paggawa ng takdang-aralin at proyekto dahil sa agarang access sa impormasyon at tulong ng kapwa mag-aaral.

[5]Pangkalahatan, ang *social media* ay nagbibigay ng mabilis at malawak na access sa impormasyon, komunikasyon, at kolaborasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayunpaman, may kaakibat itong positibo at negatibong epekto depende sa wastong paggamit nito. Kung gagamitin nang tama, maaari itong maging epektibong kasangkapan sa edukasyon, ngunit kung labis o hindi wasto ang paggamit, maaari rin itong magdulot ng distraksiyon at hindi balanseng pag-aaral.

***Pinaghanguan ng Teksto:*** *Escobar, Izabelle R., Aira Mae B. Galanaga, Leilani G. Manuel, at Kent Cyrie O. Abing. 2025. "Ang Impluwensiya ng Social Media sa Pagkatuto sa Asignaturang Filipino: Pagsusuri sa Pananaw ng mga Mag-aaral." American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR) 9 (7): 307–318.* https://www.ajhssr.com

## III. MGA GAWAIN

| MGA PANUTO | MGA GAWAIN |
|---|---|
| *Tukuyin ang tatlong larawan. Pagkatapos, sagutan ang bawat tanong.* | **Gawain A: Pagkilala sa Larawan**<br><br>Batay sa larawan sa itaas, maaari mo bang ibigay ang mga pangalan nito?<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |

Kung gayon, alin sa mga ito ang madalas mong gamitin at anong benipisyo ang naibibigay saiyo?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

1. *Ibigay ang sariling karanasan sa paggamit ng social media (Facebook, YouTube, TikTok, Discord, atbp.).*
2. *Pumili ng isa lamang sa mga karaniwang sitwasyon.*
3. *Kumpletuhin ang "social media post" gamit ang sariling ideya, karanasan, o paniniwala.*
4. *Sagutin ang gabay na tanong.*

**Gawain B: Post Ko, Paniniwala Ko**

**Unang hakbang: Mga Sitwasyon**

1. Gumagamit ka ng Facebook para sa komunikasyon sa paaralan o pamilya.
2. Nanonood ka ng YouTube upang maintindihan ang isang aralin.
3. Sumasali ka sa Discord o group chat para sa group activity o proyekto.
4. Nakakakita ka ng TikTok na may aral o impormasyon.
5. Gumagamit ka ng website para sa research o assignment.

**Ikalawang hakbang: Social Media Post**

Gumawa ng "post" na parang nasa social media, gamitin ang kapsiyon na: Ano ang karanasan o paniniwala mo tungkol dito?

Hashtag: #AkingKaranasan #SocialMediaAtPagkatuto

**Gabay na Tanong:**

1. Paano nakatulong o hindi nakatulong ang social media sa iyong pag-aaral?
2. Sa iyong palagay, lagi bang tama at kapaki-pakinabang ang nakukuha mong impormasyon sa online? Bakit?
3. Ano ang inaasahan mong matutunan sa tekstong babasahin?

**#AkingKaranasan #SocialMediaAtPagkatuto**

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

*Lagyan ng tsek (✔) ang kolum na naaangkop sa iyong pag-unawa habang at pagkatapos basahin ang teksto.*

**Gawain C.1: Pagsubaybay sa Pag-Unawa**

| Pahayag | Oo (✓) | Hindi Pa (✓) |
|---|---|---|
| Nauunawaan ko kung ano ang social media ayon sa teksto | | |
| Naiintindihan ko kung paano nakakatulong ang social media sa komunikasyon ng mga mag-aaral. | | |
| Malinaw sa akin kung paano ginagamit ang Facebook sa pakikipag-ugnayan at impormasyon sa paaralan. | | |
| Naiintindihan ko kung bakit mahalaga ang YouTube sa pagkatuto ng mga mag-aaral. | | |
| Kaya kong ipaliwanag kung paano nakakatulong ang iba pang platforms tulad ng TikTok, Discord, at Reddit sa pag-aaral. | | |
| Nauunawaan ko kung paano nakakatulong ang social media sa paggawa ng takdang-aralin at proyekto. | | |
| Naiintindihan ko ang kabuuang positibo at negatibong epekto ng social media sa pagkatuto. | | |
| May bahagi sa teksto na kailangan ko pang balikan o linawin. | | |

**Gawain C. 2: Pagtukoy sa pangunahing idea at sumusuportang detalye ng teksto**

*Sagutan ang sumusunod na tanong batay sa tekstong binasa.*

1. Paano inilarawan sa teksto ang social media?

   ________________________________________

   ________________________________________

2. Ano-ano ang mga pansuportang detalyeng ibinigay sa paglalarawang ito hinggil sa *social media*? Isa-isahin.

   ________________________________________

   ________________________________________

3. Sa anong paraan nakatutulong ang Facebook sa pakikipag-ugnayan at pagkuha ng impormasyon ng mga mag-aaral?

   ________________________________________

   ________________________________________

*Tukuyin ang pangunahing idea at pansuportang detalye sa bawat talata mula sa tekstong binasa. Sundan ang unang halimbawa.*

4. Bakit mahalaga ang YouTube sa pagkatuto ng mga mag-aaral ayon sa teksto?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
5. Ano ang ipinapakita ng teksto tungkol sa kabuoang epekto ng social media sa pagkatuto ng mga mag-aaral?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

**Gawain C.3: Idea Map: Hanap-Ugnay**

**Pangunahing Idea:** Ang social media ay nakatutulong sa mabilis na komunikasyon
- Mas mabilis ang pagkuha ng impormasyon
- Nakakonekta ang mga tao kahit malayo
- Nagagamit sa pagbabahagi ng idea nang mabilis

**Pangunahing Idea (Talata 2):** Pagtaas ng bilang ng paggamit ng social media ng mga kabataan
- Sumusuportang Detalye 1: ________________________ ______________________________________________
- Sumusuportang Detalye 2: ________________________ ______________________________________________
- Sumusuportang Detalye 3 (opsiyonal): ______________ ______________________________________________

**Pangunahing Idea (Talata 3):** Paggamit ng mga mag-aaral ng YouTube bilang pangunahing sanggunian sa pagkatuto
- Sumusuportang Detalye 1: ________________________ ______________________________________________
- Sumusuportang Detalye 2: ________________________ ______________________________________________
- Sumusuportang Detalye 3 (opsiyonal): ______________ ______________________________________________

**Pangunahing Idea (Talata 4):** Paggamit ng social media platforms tulad ng TikTok, Discord, ResearchGate, at Reddit
- Sumusuportang Detalye 1: ________________________ ______________________________________________
- Sumusuportang Detalye 2: ________________________ ______________________________________________
- Sumusuportang Detalye 3 (opsiyonal): ______________ ______________________________________________

*Basahin at unawain ang teksto. Pagkatapos, sagutan ang sumusunod na tanong.*

**Gawain D: Basahin at Unawain!**

**Kahalagahan ng Pag-inom ng Tubig**

Mahalaga ang pag-inom ng sapat na tubig araw-araw upang manatiling malusog ang katawan. Tinutulungan ng tubig ang katawan na mapanatili ang tamang temperatura at maayos na pagdaloy ng dugo. Nakakatulong din ito upang maiwasan ang dehydration o kakulangan ng tubig sa katawan.

Ayon sa mga eksperto, kailangang uminom ng hindi bababa sa walong basong tubig bawat araw. Mahalaga ito lalo na sa mga mag-aaral dahil nakatutulong ang sapat na tubig sa malinaw na pag-iisip at aktibong pakikilahok sa klase.

Gayunpaman, may ilang kabataan na mas pinipiling uminom ng matatamis na inumin kaysa tubig. Maaari itong magdulot ng masamang epekto sa kalusugan kapag nasobrahan. Kaya naman, mahalagang gawing bahagi ng araw-araw na gawain ang regular na pag-inom ng tubig.

1. Ano ang pangunahing paksa ng teksto?
   A. Pagkain ng masustansiya
   B. Kahalagahan ng pag-inom ng tubig
   C. Pag-eehersisyo araw-araw
   D. Pag-inom ng matatamis na inumin

2. Ano ang naitutulong ng tubig sa katawan?
   A. Nagpapataas ng antok
   B. Nakapagpapalakas ng internet signal
   C. Nakapagpapanatili ng tamang temperatura ng katawan
   D. Nagpapabilis ng pagtangkad

3. Ilang basong tubig ang inirerekomendang inumin araw-araw?
   A. 3 C. 8
   B. 5 D. 10

4. Ano ang pangunahing idea ng ikalawang talata?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

5. Magbigay ng isang sumusuportang detalye mula sa teksto.
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

6. Bakit mahalagang uminom ng sapat na tubig araw-araw?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

7. Ano-anong mga salita ang ginamit upang mapadali ang pagtukoy sa pangunahing idea at mga sumusuportang detalye?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

8. Ano ang maaaring mangyari kung palaging matatamis na inumin ang iniinom ng isang tao?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

9. Paano mo maipapakita ang wastong pag-aalaga sa iyong kalusugan batay sa teksto?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

| **Pagninilay sa Aralin** | |
|---|---|
| Natutuhan ko ngayon: | |
| Naging madali sa akin: | |
| Naging mahirap sa akin: | |
| Pakiramdam ko bilang mambabasa:<br>☐ Nagsisimula pa lamang ☐ Unti-unting umuunlad ☐ Kumpiyansa na | |